

[Insert name of recipient and address here (optional)]

Mga minamahal naming magulang at tagapag-alaga

Pahayag sa Transisyon sa Pagkatuto at Pag-unladng Iyong Anak

Upang tulungan ang iyong anak na magkaroon ng positibong pagsisimula sa paaralan, sumusulat kami ng Pahayag sa Transisyon sa Pagkatuto at Pag-unlad para sa kanila. Ang Pahayag sa Transisyon ay isang paraan upang ibahagi ang impormasyon tungkol sa pag-aaral at kapakanan ng iyong anak sa pagitan:

- mo
- aming serbisyo
- paaralan ng iyong anak sa hinaharap
- serbisyo ng Outside School Hours Care (OSHC) ng iyong anak sa hinaharap, kung papasok sila rito.

Magkakaroon ng impormasyon ang Pahayag sa Transisyon tungkol sa:

- mga interes, kasanayan at kakayahan ng iyong anak
- paano suportahan upang matutong mabuti ang iyong anak.

Makatutulong ang impormasyon na ito sa paaralan upang mahusay na masuportahan ang iyong anak.

Ano ang gusto naming gawin mo

Ang Pahayags Transisyon ay may iba't ibang seksyon na dapat sagutan ng guro sa maagang pagkatuto ng bata ng iyong anak, mo, at ng iyong anak. **Kumpletuhin ang Seksyon 3: Ang Pamilya [at tulungan ang iyong anaka na kumpletuhin ang Seksyon 2: Ang Bata] at ibalik ito sa aming serbisyo sa [insert date here].**

Mahalaga ang iyong kontribusyon, ngunit hindi sapilitan. Magbibigay ito sa guro sa prep ng iyong anak (at ng kanilang OSHC educator, kung pupunta sila sa OSHC) ng mas magandang pang-unawa tungkol sa iyong anak at tutulong sa kanila na magplano para sa pag-aaral at kagalingan ng iyong anak.

Anong mangyayari sa susunod

Pagsasama-samahin ng guro sa maagang pagkatuto ng bata ng iyong anak ang lahat ng seksyon ng Pahayag sa Transisyonat bibigyan ka ng kopya. Makatatanggap ng kopya ang paaralan ng iyong anak sa Nobyembre. Kapag hindi mo nakumpleto ang mga seksyon ng pamilya at anak, ang natitirang Pahayag sa Transisyon ay ibabahagi pa rin sa paaralan ng iyong anak at, kung naaangkop, sa kanilang serbisyo sa OSHC.

Ipinakikita ng pananaliksik na ang pagbabahagi ng impormasyon ay makatutulong sa mga bata na matagumpay na magtransisyon sa paaralan. Gayunpaman, kung **hindi** mo nais ang pagbabahagi ng Pahayag sa Transisyon sa paaralan ng iyong anak, mangyaring makipag-usap sa guro ng maagang pagkatuto ng bata ng iyong anak sa [insert date here].

Pag-enroll ng iyong anak sa paaralan

Kung hindi mo pa naipapa-enroll ang iyong anak sa paaralan para sa susunod na taon, hinihikayat kita na gawin ito sa lalong madaling panahon. Ang pagpapa-enroll ay makatutulong sa paaralan na magplano para sa indibidwal na mga pangangailangan ng

iyong anak. May kapaki-pakinabang na impormasyon ang Kagawaran ng Edukasyon at Pagsasanay tungkol sa pagsisimula ng pag-aaral dito <https://www.education.vic.gov.au/parents/going-to-school/Pages/choose-enrol-school.aspx>.

Higit pang impormasyon

[please select relevant text based on whether you are providing this information electronically or by hard copy]

[Option 1 – direct parents to website – delete whichever option not used]

Para sa higit pang impormasyon tungkol sa pagkumpleto ng Pahayag sa Transisyon at paggawa ng positibong pagsisimula sa pag-aaral, mangyaring tingnan ang:

- Dokumento ng impormasyon para sa mga pamilya
- Mga Alituntunin upang matulungan ang mga pamilya na makumpleto ang Pahayag sa Transisyon sa Pagkatuto at Pag-unlad.

Online ang mga ito sa www.education.vic.gov.au/transitiontoschool.

[Option 2 – attach information to letter – delete whichever option not used]

Para sa higit pang impormasyon tungkol sa pagkumpleto ng Pahayag sa Transisyon at paggawa ng positibong pagsisimula sa pag-aaral, mangyaring tingnan ang kalakip na:

- Dokumento ng impormasyon para sa mga pamilya
- Mga Alituntunin upang matulungan ang mga pamilya na makumpleto ang Pahayag sa Transisyon sa Pagkatuto at Pag-unlad.

Kung nais mong talakayin ang transisyon ng iyong anak sa paaralan, mangyaring makipag-usap kay *[insert name of early childhood educator]*.

Lubos na gumagalang

[Name of early childhood educator]

[Day] [Month] [Year]